Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-14 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 51-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG MAHIGPIT NA PAGTUTOL SA PLANONG PAGTATAYO NG PROVINCIAL GOVERNMENT OF BULACAN SA BULACAN SPORTS COMPLEX SA LUNGSOD NG MALOLOS NG "CENTRALIZED HOME QUARANTINE PARA SA MGA PASYENTE NG COVID-19 SA LALAWIGAN NG BULACAN".

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA
KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE,
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO,
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Lungsod ang pagsusulong sa kagalingang panlahat partikular ang pagtataguyod ng kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 458(iv) ng nabanggit na batas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod na magpapasa ng mga kapasyahan na mangangalaga at magbigay proteksyon sa mga mamamayan sa anumang sakuna o hindi magandang resulta nito;

**SAPAGKAT,** ang *"CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)"* na dating kilala bilang 2019-nCoV, na isang *Acute Respiratory Disease*, ay isang nakakahawang sakit;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang datos ng Department of Health ay umakyat na sa bilang na animnapu't apat (64) ang kaso ng COVID-19 sa bansa at naitalang walo (8) na ang namamatay;

**SAPAGKAT,** may pagnanais na magtayo ng Centralized Home Quarantine sa Bulacan Sports Complex na matatagpuan sa Barangay Bagong Bayan, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** sa lugar na nabanggit ay maaring maapektuhan ang mga mag-aaral at guro na humigit-kumulang labing apat na libo at may humigit-kumulang apat na libong populasyon ng barangay na nakakasakop dito;

HON. NOEL G. PINEDA
CITY VICE MAYOR

HON. FRANCISCO J. CASTRO, CITY COUNCILOR
HON. NINO CARLO C. BAUTISTA, CITY COUNCILOR
HON. KIRK LOUIS NICOLAS, CITY COUNCILOR
HON. MICHAEL M. AQUINO, CITY COUNCILOR
HON. ENRICO C. CAPULE, CITY COUNCILOR

HON. PATRICK S. DELA CRUZ, CITY COUNCILOR
HON. DIONISIO C. MENDOZA, CITY COUNCILOR
HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO, CITY COUNCILOR
HON. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, CITY COUNCILOR
HON. EDGARDO F. DOMINGO, CITY COUNCILOR
HON. EMMANUEL R. SACAY, CITY COUNCILOR
HON. DENNIS D. SAN DIEGO, CITY COUNCILOR

**SAPAGKAT,** sa lugar na nabanggit ay maari ring maapektuhan ang mga kabahayan, residensyal, subdibisyon at establiyimento na may bilang na hindi matatawaran at hindi maaaring ipagwalang-bahala;

**SAPAGKAT,** bagamat kailangang kontrolin ang virus, ito ay dapat ilayo sa lubhang mataong lugar;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Kapasiyahang Panlungsod na nagpapahayag ng mahigpit na pagtutol sa planong pagtatayo ng Provincial Government of Bulacan sa Bulacan Sports Complex sa Lungsod ng Malolos ng "centralized home quarantine" para sa mga pasyente ng COVID-19 sa Lalawigan ng Bulacan.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03162020